# Paunawa sa mga Pasyente at Magulang sa Rehistro ng Pagbabakuna

Ang mga pagbabakuna o mga bakuna ('shots') ay pumipigil sa malalang mga sakit. Ang mga pagsusuri sa Tuberculosis o TB ay nakakatulong upang matukoy kung ikaw ay may impeksyon sa TB at maaaring kailanganin para sa paaralan o trabaho. Maaaring mahirap subaybayan ang mga bakuna/pagsusuri sa TB na natanggap mo. Ito ay lalong mahirap kung higit sa isang tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan ang nagbigay nito. Ngayon, ang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay gumagamit ng isang matatag na sistema ng kompyuter na tinatawag na isang tala ng pagbabakuna upang masubaybayan ang mga bakuna at mga pagsusuri sa TB. Kung magpapalit ka ng mga tagabigay, magagamit ng iyong bagong tagabigay ang rehistro para makita ang iyon tala ng bakuna/pagsusuri sa TB.

**Paano Ka Natutulungan ng Registry?**

- Sinusubaybayan ang lahat ng mga bakuna at mga pagsusuri sa TB (mga pagsusuri sa balat/mga x-ray sa dibdib), upang hindi ka makaligtaan o makakuha ng sobra nito.
- Nagpapadala ng mga paalala kapag kailangan mo o ng iyong anak ng mga bakuna
- Nagbibigay sa iyo ng akses sa iyong elektronikong tala ng bakuna (digital vaccine record) sa myvaccinerecord.cdph.ca.gov. Maaaring gamitin ang mga tala para sa pangangalaga ng bata, paaralan, o trabaho.

**Paano Nakakatulong ang Rehistro sa Iyong Koponan sa Pangangalagang Pangkalusugan?**

Ginagamit ng mga doktor, nars, planong pangkalusugan, at mga ahensya ng pampublikong kalusugan ang rehistro upang:

- Tingnan kung aling mga bakuna/pagsusuri sa TB ang kailangan
- Paalalahanan ka tungkol sa mga bakuna na kailangan
- Iwasan ang sakit sa iyong komunidad
- Tulong sa pag-iingat ng talaan

**Maaari bang Makita ng Mga Paaralan o Iba Pang Programa ang Rehistro?**

Oo, ngunit ito ay limitado. Ang mga paaralan, pangangalaga sa bata, at iba pang ahensyang pinapayagan sa ilalim ng batas ng California ay maaaring:

- Tingnan kung aling mga bakuna/pagsusuri sa TB ang kailangan ng mga bata sa kanilang mga programa
- Siguraduhin na ang mga bata ay kumpleto sa mga bakuna/mga pagsusuri sa TB na kailangan upang simulan ang pangangalaga sa bata o paaralan

**Anong Impormasyon ang Maaaring Ibahagi sa isang Rehistro?**

- Pangalan ng pasyente, kasarian, lahi/etnisidad, at petsa ng kapanganakan
- Pangalan ng mga magulang o tagapag-alaga
- Limitadong impormasyon upang makilala ang mga pasyente
- Mga detalye tungkol sa mga iniksiyon ng pasyente/mga pagsusuri sa TB o mga medikal na eksempsyon

Kung ano ang ipinasok sa rehistro ay tinatrato tulad ng ibang pribadong medikal na impormasyon. Ang maling paggamit ng rehistro ay maaaring parusahan ng batas. Sa ilalim ng batas ng California, tanging mga opisina ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga planong pangkalusugan, o mga departamento ng pampublikong kalusugan ang maaaring makakita ng iyong address at numero ng telepono. Maaari ding tingnan ng mga opisyal ng kalusugan ang rehistro upang maprotektahan ang kalusugan ng publiko.

**Mga Karapatan ng Pasyente at Magulang**

Ang iyong legal na karapatang magtanong sa iyong tagabigay:

- Upang pigilan ang mga di-klinikal na CAIR na lugar mula sa pag-akses sa iyong (o ng iyong anak) na mga talaan ng pagpapatala
- Para hindi makatanggap ng mga paalala sa apoyntment ng bakuna mula sa opisina ng iyong tagabigay
- Upang tingnan ang isang kopya mga tala mo o ng iyong anak sa bakuna/pagsusuri sa TB
- Sino ang nakakita ng mga tala at upang itama ang anumang mga mali

**Kung gusto mong limitahan kung sino ang makakakita sa mga tala mo o ng iyong anak:**

Kung ayaw mong ibahagi ng tanggapan ng iyong tagabigay ang iyong impormasyon sa pagbabakuna/pagsusuri sa TB sa mga hindi klinikal na lugar ng CAIR, hilingin sa iyong tagabigay na protektahan ang iyong mga tala sa CAIR. Maaari mo ring kumpletuhin ang dokumento na "**Kahilingang Protektahan ang Aking Tala sa CAIR**" mula sa website ng CAIR (bit.ly/CAIRforms). Kung magbago ang isip mo, kumpletuhin ang isang dokumento na "**Kahilingang Alisin ang Proteksyon sa aking Tala sa CAIR**".

**Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa CAIR Help Desk (Lugar ng Tulong) sa 800-578-7889 o CAIRHelpDesk@cdph.ca.gov**

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California, Sangay ng Pagbabakuna
(California Department of Public Health, Immunization Branch)

IMM-891 Tagalog (8/23)